


Filipino

Unang Markahan – Modyul 5: Pagbibigay-Kahulugan sa mga Sawikain



Filipino– Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 5: Pagbibigay-Kahulugan sa mga Sawikain
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Ma. Janice E. Domingo	
Editor:	Gemma B. Obsiana	Maricris Torres- Tolibas
Tagasuri:	Catherine D. Diaz	Junry M. Esparar
	Celestino S. Dalumpines IV	
Tagaguhit:	Dennis F. Escutin	Swelyn E. Forro
Tagalapat:	Raymund D. Magbanua	
Tagapamahala:	Gemma M. Ledesma	
	Salvador O. Ochoa, Jr.	
	Elena P. Gonzaga	
	Donald T. Genine	
	Celestino S. Dalumpines IV	
	Segundina F. Dollete	
	Shirley A. De Juan	
	Merlie J. Rubio	

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

Filipino
Unang Markahan – Modyul 5:
Pagbibigay-Kahulugan
sa mga Sawikain

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral at mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang salita upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ang ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na maging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumagamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makaranas ng suliranin pag-unawa sa mga aralin at sa paggamit ng SLM na ito.



Alamin



Magandang araw kaibigan! Muli, ako ang iyong kaibigang si Kokoy, ang makakasama mo sa modyul na ito. Nakararami na tayo ng mga napag-aralan ngunit mainam na madagdagan pa ito upang mas malinang ang iyong kakayahan. Maging matiyaga ka lang sa pag-aaral. Halika na't mag-aral na tayong muli.

May narinig ka na bang nag-uusap na gumagamit ng mga salitang malalim unawain? Ang tawag sa mga salitang ito ay matatalinghang salita.

Ang Modyul 5 ay tatalakay sa pagbibigay-kahulugan sa mga sawikain.

Pagkatapos ng iyong pag-aaral, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala ang mga sawikain sa mga pahayag; at
- nabibigyang kahulugan ang sawikain. **(F6PN-1j-28)**



Subukin

Kamusta kaibigan? Bago natin lakbayin ang modyul na ito ay magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya. Sikapin mong sagutin ang mga katanungan upang mataya kung ano ang mga dapat mo pang malaman sa mga susunod na pag-aaral.



Panuto: Piliin mula sa kahon ang angkop na mga sawikain upang mabuo ang kaisipan ng talata. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

balat-sibuyas	daga sa dibdib
mahapdi ang bituka	isang kisapmata
ilaw ng tahanan	bukas-palad
mababaw ang luha	itinaga sa bato
ginintuang puso	bukal sa loob

Si Aling Marta ay itinuturing na 1.) _____ ng mga naulila ni Aling Sion. Kapag nakaririnig ito nang hindi maganda ay madali itong masaktan sapagkat masyado itong 2.) _____ at 3.) _____. Ngunit sadyang 4.) _____ si Aling Marta kaya hindi ito nag-atubiling tanggapin ang mga naulilang anak ni Aling Sion. Talagang 5.) _____ ang pagtulong nito lalo na sa mga walang makain at mga 6.) _____ at may 7.) _____ dahil nag-iisa na sa buhay.

Matandang dalaga man si Aling Marta ngunit may 8.) _____ ito. Marami rin siyang karanasan sa buhay kaya 9.) _____ ang pagtulong. Kapag may humihingi ng saklolo, tiyak na sa 10.) _____ ay darating si Aling Marta.



Mahusay kaibigan! Nagawa mo ang paunang pagtataya. Kung mababa man ang iyong iskor, huwag mabahala sapagkat paunang pagtataya lamang ito. Ipagpatuloy mo lamang na aralin, unawain at sagutin ang mga gawain.

Aralin

1

Pagbibigay kahulugan sa mga Salawikain



Magandang araw kaibigan. Handa ka na sa panibagong aralin? Ngunit bago iyan ay sagutin mo muna ang gawain na nasa ibaba.



Balikan

Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na mga pangungusap. Kilalanin ang ginamit na mga matalinghagang salita at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Kahit butas ang bulsa ng taong maawain ay patuloy pa rin siyang nagbibigay ng pagkain sa batang kalye.
2. Bukas na aklat sa aming lugar ang buhay ng aming pamilya.
3. Nang dumating ang Santo Papa sa Pilipinas ay di-mahulugang karayom ang mga daan dahil sa mga mananampalatayang nag-aabang sa kaniya.
4. Matanda na si Lolo subalit nagtatarabaho pa siya. Makapal talaga ang mga palad niya.
5. Kahit mahina ang loob ni Christian, pinilit niyang sumali sa paligsahan.



Mga Tala para sa Guro

Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para mabigyang - tuon ang kahinaan ng mag-aaral.



Tuklasin

Alam mo ba na kapag gumagamit tayo ng mga sawikain sa pagpapahayag ay mas napagaganda ang ating pahayag at nabubuhay ang wikang Filipino.

Tuklasin mo sa pabulang “Kapit-bisig Ang Magkakapitbahay” ang mga sawikain na ginamit.

Tara, umpisahan mo nang basahin.



Kapit-Bisig Ang Magkakapitbahay


Maaga pa ay abala na si Tandang sa pagtitilaok upang gisingin ang mga kasamahan sa paligid. Dahil tilaok nang tilaok si Tandang, nagising na rin si Inahing manok at nagsimula na itong pumutak para sabayan si Tandang. Hindi nagtagal ay nag-iyakan ang kanilang mga sisiw kaya nagsimula nang maghanap ng pagkain si Inahin kasama ang kaniyang mga sisiw, habang si Tandang ay patuloy sa pagtitilaok.

Kahig dito, kahig doon ang ginagawa ng mga sisiw para makakain na rin. “Ano ba naman ito? **Sukal sa ilong** ang nahukay ko!” Dagling lumayo si Batik dahil sa mabahong nahukay niya.

“Meow, Meow, Ha! Ha! Ha! bakit mo kasi hinukay?” Tinabunan ko na nga eh! Malakas na tawa ni Pusay, isang pusang kapitbahay ng mga manok. “Ikaw talaga Pusay, alam mo namang nanginginain ang mga sisiw ko diyan. Bakit diyan ka naghukay ng ano mo?” Tanong ni Inahing manok. “Sori na. Hindi ko na kasi mapigil eh!” pangangatuwiran ni Pusay. “Oh, sige. Basta huwag mo na lamang ulitin ha.” Opo, mahal na Inahin. Hindi na po mauulit.

Nang makatalikod na si Pusay ay humahangos namang dumating si Kokar na isang palaka. “Inahing manok! Inahing manok! si Tandang, may kaaway!” Pagbabalita ni Kokar na isang kapitbahay na palaka. “Ano? Iniwan lang namin siya kanina sa bahay dahil naghahanap kami ng makakain ng mga anak niya ah. Pambihira! Sino ba ang kaaway niya?” Nag-aalalang tanong ni Inahin. “Lumusob kasi ang mga daga mula sa talahiban para manginain. Lalantakan sana nila ang palay ng inyong amo kaya dinepensahan ni Tandang.” Sagot ni Kokar. “Tekla at tatawagin ko si Pusay upang magpatulong. Pusay! Pusay! Halika nga sa bahay. Tulungan mo muna kami!” Tarantang tawag ni Inahin.

Dali-daling umuwi si Inahin kasunod sina Pusay at kokar. Nadatnan nilang nakikipagsagutan si Tandang sa mga daga. “Dadaan muna kayo **sa ibabaw ng** aking **bangkay** bago ninyo matitikman ang palay ng aming amo!” Pagbabanta ni Tandang. “**Bato ang puso** mo Tandang! Gutom na gutom na kami. Maawa ka naman sa amin.” Pagsusumamo ng mga daga. “Aba! Maghanap kayo ng ibang makakain ninyo! Hindi porke’t gutom kayo ay pakikialaman ninyo ang pinaghirapan ng iba!”



Nag-aapoy ang damdamin ni Tandang habang nagsasalita. “Eh, paano, **kapit sa patalim** na talaga kami! Katuwiran ng mga daga. “Ah, kaya kayo **nag-ober da bakod!** Puwes, nagkakamali kayo ng pinuntahan!” Pagmamatigas ni Tandang.

Sa kabila ng pagbabanta ni Tandang, **pikit-mata** pa ring lumalapit ang mga daga. Habang handang-handa naman si Tandang na pagtutukain ang mga kalaban. Animo’y Agila na handang mandagit! Dumating na rin si Inahin para tulungan si Tandang. Ngunit tila madadaig pa rin sila ng mga daga na patuloy sa paglapit. Lumalapit nang dahan-dahan ngunit pursigido at sigurado ang mga hakbang. Papalapit nang papalapit sa kanilang pagkain. Takam na takam na ang mga daga! Nang biglang lumitaw si Pusay mula sa likuran. ”Meow! Meow!” Babala ni Pusay. Parang mga **basang sisiw** ang mga daga. Natakot ang mga ito nang makita si Pusay kaya kumaripas sila ng takbo.

Malaki ang pasasalamat nina Tandang at Inahin kay Pusay dahil ito lang pala ang tuluyang makapagpapalayas sa mga kalaban. Nagpasalamat din sila kay Kokar sa maagap nitong paghingi ng saklolo para matulungan si Tandang. “Maraming salamat mga kapitbahay sa inyong malasakit sa amin. Tunay kayong mga kaibigan.” Panabay na wika nina Tandang at Inahin.

Sariling Katha ni Gemma B. Obsiana



Naibigan mo ba ang kuwento? Naunawaan mo ba ito? Bago natin sagutin ang mga tanong kaugnay ng binasang akda, pansinin ang ilang salitang ginamit sa teksto at ang kasingkahulugan ng mga salitang ito

- Lumusob kasi ang mga daga mula sa talahiban para manginain.
Ang kasingkahulugan ng *lumusob* ay sumalakay.
- Lalantakan sana nila ang palay ng inyong amo kaya dinepensahan ni Tandang.
Ang kasingkahulugan ng *lalantakan* ay kakainin.
- Takam na takam na ang mga daga.
Ang kasingkahulugan ng *takam na takam* ay gustung-gusto nang kumain.



Kaibigan tandaan mo ang mga salitang nasa itaas at ang kanilang mga kahulugan upang madagdagan ang mga salitang nalalaman mo. Ngayon ay handa ka na ba para sagutin ang mga tanong? Halina't sagutin mo na ang mga katanungang kaugnay sa binasa mong *nahula*

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang dinepensahan ni Tandang?
2. Sino-sino ang naging kalaban ni Tandang?
3. Bakit ganoon na lamang ka pursigido ang mga daga na makuha ang kanilang gusto?
4. Paano ipinakita ng mga kapitbahay ang kanilang pagmamalasakit?

5. Kung ikaw si Pusay, Ganoon din ba ang iyong gagawin? Bakit?



Suriin



Narito ang mga sawikaing ginamit sa pabula, unawain at isaisip mo ang mga ito.

1. “Sukal sa ilong ang nahukay ko!”
2. “Dadaan muna kayo sa ibabaw ng aking bangkay bago ninyo matitikman ang palay ng aming amo!”
3. “Bato ang puso mo Tandang!”
4. Nag-aapoy ang damdamin ni Tandang habang nagsasalita.
5. “E, paano, kapit sa patalim na talaga kami! Katuwiran ng mga daga.
6. “Ah, kaya kayo nag-ober da bakod! Puwes, nagkakamali kayo ng pinuntahan!”
7. Sa kabila ng pagbabanta ni Tandang, pikit-mata pa ring lumalapit ang mga daga.
8. Parang mga basang sisiw ang mga daga.



Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit? Tama ka. Ang mga salitang may salungguhit ay mga **sawikain**. Ito ay mga matatalinghagang salita na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay. Malalaman mo ang kahulugan ng sawikain ayon sa gamit nito sa pangungusap.

Sa iyong binasang akda ay may mga salitang masasabing di-tuwiran ang kahulugan, malalim kaya’t mahirap unawain. **Sawikain** ang tawag sa mga



Pagyamanin



Batid kong marami kang nalaman tungkol sa ating aralin. Upang mailapat ang napag-aralan mo, isagawa mo na ang kasunod na gawain

Pagsasanay 1

- A. Tukuyin ang sawikain sa loob ng pangungusap. Isulat sa sagutang papel.
1. Ang napangasawa ng aking pinsan ay alog na ang baba sa kaniya.
 2. Iniiwasan kong makasama ang mga balat-sibuyas na kaibigan.
 3. Magkabungguang balik at sina Pedro at Jose mula noong bata pa sila.
 4. Bagamat anak pawis si Lyka, siya'y nagsusumikap sa kaniyang pag-aaral.
 5. Ang nanay ay parang sirang-plaka sa aming magkakapatid, upang kami ay maturuan.

Pagsasanay 2

- B. Basahin ang maikling akda at tukuyin ang mga sawikaing ginamit at bigyan ng kahulugan. Isulat sa sagutang papel.

Si Mike, Ang Aking Kasangga

Madalas akong kantiyawan ng aking mga kaklase na may bulsa raw ako sa balat. Sa tuwing uwian kasi ay niyayaya nila akong magmeryenda ngunit palagi kong sinasabi na busog pa ako. Salamat na lamang at palagi akong dinadamayan ng aking kabungguang balikat na si Mike. Pareho kaming hindi mahilig makisiksik sa di-mahulugang karayom na tindahan ni Aling Pacing.

Si Mike ay kasa-kasama ko na, mula pa nang nasa unang grado pa lamang kami. Talagang sanggang-dikit kami. Kapag may pagkain ako o siya man ay talagang hating kapatid kami. Napakabuting kaibigan niya dahil bukas-palad siya sa mga taong katulad naming isang kahig isang tuka.

Sariling Katha ni Gemma B. Obsiana

Pagsasanay 3

C. Hanapin sa *word puzzle* ang kahulugan ng sumusunod na mga sawikain. Ang sagot ay maaring nakasulat nang pahalang, pababa o pahilis. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. pagsusunog ng kilay
2. di-maliparang uwak
3. nagdilang-anghel
4. hinahabol ng karayon
5. pasang-krus

M	A	G	K	A	T	O	T	O	O	A	N	G	S	I	N	A	B	I
A	M	A	B	I	G	A	T	N	A	P	R	O	B	L	E	M	A	N
B	I	A	M	N	O	R	S	A	U	G	B	L	T	O	N	Y	O	U
S	U	M	L	I	T	B	K	R	D	F	K	M	N	S	W	A	D	T
T	A	S	T	A	S	A	N	G	T	A	H	I	B	S	G	I	A	W
R	Q	B	D	G	W	V	I	G	A	N	S	A	R	I	W	A	N	A
P	A	G	A	A	R	A	L	N	G	M	A	B	U	T	I	U	S	O
M	A	G	A	S	W	A	K	S	A	M	A	H	A	N	T	A	Y	I

Sariling Katha ni Gemma B. Obsiana



Isaisip

Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan kaibigan. Sa bahaging ito, ay inaasahan ko pa rin na magagawa mo ang mga susunod na pagsasanay



Panuto: Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

A. Ang	Sawikain	ay
<hr/>		
<hr/>		
B. Mahalaga ang sawikain sa isang pahayag dahil		
<hr/>		
<hr/>		



Isagawa

Upang matiyak kung talagang naintindihan mo ang araling tinalakay sa modyul na ito, isagawa ang nasa ibaba.



Panuto: Magtala ka ng limang sawikain na narinig mo, na ginagamit sa pang-araw-araw na usapan at ibigay ang kahulugan nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- 1

- 2

- 3

- 4

- 5





Tayahin

Mahusay! Binabati kita kaibigan dahil nakaabot ka sa parteng ito. Tiyak marami kang natutuhan sa mga aralin sa modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.

Panuto: Basahin mong mabuti ang maikling talata sa bawat bilang. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na sawikain upang maging buo ang ideya sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

kapit-tuko
nagtataingang-kawali
pasang-krus
kuskos-balungos
kapit-bisig
bantay -salakay

hilog-talilong
ulilang lubos
isang kahig, isang tuka
suntok sa buwan
mataas ang lipad

1. Malapit na ang *debut* ni Qm. Maraming dapat ayusin at ihanda. _____ ang kailangan ng magkakapamilya upang maging matagumpay ang pagdiriwang na gagawin.
2. Nalulungkot si Ema. Dalawang taon na niyang pinag-iipunan ang pinapangarap na *washing machine* subalit hindi pa rin niya mabili dahil talagang _____ pa rin sila.
3. _____ ng kaniyang pangarap na makarating sa Japan, naniniwala si Mila na habang may buhay ay may pag-asa.
4. Nakipagsapalaran sa Maynila ang kaniyang Kuya Greg. Hindi niya inaasahan _____ ang kaniyang ginawa dahil lubusan siyang maninibago sa buhay sa lungsod.
5. Palibhasa sanay sa kaginhawaan, kahit may sarili ng pamilya ay _____ pa rin si Liza sa kaniyang mga magulang.

6. Gustong sumama ni Myla sa tuwing mamamalengke ang kaniyang ina ngunit natatakot siyang magsabi. Isang araw habang papaalis ang kanilang nanay walang _____ na sinabi ng kaniyang ate na gusto nitong sumama kaya ganoon na lamang ang panghihinayang ni Myla.
7. Matagal na hindi nakapagbakasyon si Menchie sa kanilang lugar. Mahigit na isang dekada na marahil na hindi siya nakauwi. Labis na nasasabik ang dalaga na makita ang kaniyang pamilya kaya nais niya sana silang sorpresahin. Ngunit para na siyang _____ sa kahahanap ng sakayan pauwi sa kanila, mula nang siya’y bumaba sa *terminal*.
8. Palaging pinangangaralan ni Sonia ang kaniyang kapatid dahil paulit-ulit ang paggawa nito ng ikasasama ng loob ng kanilang ina. Ngunit talagang _____ lamang ang kapatid kaya nag-isip ng deskarte si Sonia.
9. Bilang panganay sa limang magkakapatid, naging katuwang na ako ng aking mga magulang sa kanilang mga gawain kahit ako’y bata pa lamang. Nang mamatay ang tatay naging mabigat ang aking mga responsibilidad. Naging _____ ko ang kabuhayan ng aming pamilya.
10. Bata pa si Mylene ay namatay na ang kaniyang ama. Nang tumuntong siya sa kolehiyo ay pumanaw rin ang kaniyang ina kaya _____ na si Mylene at nakitira na lamang sa kaniyang mga pinsan.



Karagdagang Gawain



Magaling ang ginawa mo kaibigan. Natapos mong sagutin ang mga gawain na naririto. Ito na ang huling pagsubok na gagawin para sa araling ito.

Panuto: Magbasa ka ng mga pahayag na napapalooban ng mga sawikain. Kopyahin mo sa iyong sagutang papel ang mga pahayag at salungguhitan ang mga sawikain.



Napakahusay mo kaibigan! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin patungkol sa mga sawikain. Nawa'y magamit mo ito sa pakikipagtalastasan mo sa ibang tao upang mabuhay ang ating wika. Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin – **Modyul 6 (Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento).**



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin

1. Dinpensahan ni Tandang ang palay ng kanliang amo.
2. Ang mga kalaban ni Tandang ay ang mga daga na Pursigido ang mga daga na makuha ang kanliang gusto dahil gutom na gutom na sila.
4. Ipinakita ng mga kapitbahay ang kanliang pagmamalasakit sa pamamagitan ng pagtulong kina Tandang at Inahin.
5. Opo dahil dapat tinutulongan ang kakilala, kapitbahay lalo na ang mgakalibigan kapag sila ay nasa panganib.

Tayahin

1. kapit-bisig.
2. isang kahig.
3. mataas ang lipad
4. suntok sa buwan
5. kapit-tuko
6. kuskos-balungos
7. hilong tallong
8. nagtatangingang-kawali
9. pasang – krus
10. uliang lubos

Pagyasmanin

Pagsasanay 3

M	A	G	K	A	T	O	T	O	A	N	G	S	I	N	A	B	I	
B	I	A	M	N	O	R	S	A	U	G	B	L	T	O	N	Y	O	
S	U	M	L	I	T	B	K	R	D	F	K	M	N	S	W	A	D	
T	A	S	T	A	S	A	N	G	T	A	H	I	B	S	G	I	A	W
R	Q	B	D	G	V	I	G	A	N	S	A	R	I	W	A	N	A	
P	A	G	A	A	R	A	L	N	G	M	A	B	U	T	I	U	S	O
M	A	G	A	S	W	A	K	S	A	M	A	H	A	N	T	A	Y	I

Isaisip

1. Ang sawikain ay mga matatalinghagang salita na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay. Malalaman ang kahulugan nito ayon sa gamit nito sa pangunusap. Tinatagay din itong idyoma.
2. Mahalaga ang sawikain sa isang pahayag dahil masasalamin dito ang kultura ng isang lugar. Nagpapaganda ito sa pagpapahayag anak pawisstrang-plaka

Pagsasanay 2

1. may bulsa sa balat - kunipot
2. kabunguan balikat- kabigan
3. di-mahulugang karayom- maraming tao
4. sangang-dikit – mataalik na kabigan
5. hating-kapatid – kahati
6. bukas – palad – matulungin
7. isang kahig, isang tuka – mahirap

Pagyasmanin

1. alog na ang baba
2. balat sibuyas
3. magkabunguan
4. anak pawisstrang-plaka

Balikan

1. butas ang bulsa
2. bukas na aklat
3. di- mahulugang karayom
4. makapal ang mga palad
5. mahina ang loob

Subukin

1. ilaw ng tahanan
2. balat sibuyas
3. mababaw ang luha
4. bukaspalad
5. bukal sa loob
6. mahapdi ang bituka
7. daga sa dibdib
8. ginintuang puso
9. itinaga sa bato
10. isang kisapmata

Sanggunian

- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6PN-Ij-28, p. 221
- K to 12 Curriculum in Filipino 2016 F6V-IIf-4.4, p. 122
- Sariling Katha

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph